## ISANG GABAY NG MAGULANG SA PAG-UNAWA

# Ang Pagtatasa sa Wikang Espanyol sa California (California Spanish Assessment (CSA))

Maraming paraan para sukatin ang kaalaman ng inyong anak. Gumagamit ang guro ng inyong anak ng mga marka ng report card, gawain sa silid-aralan, mga obserbasyon ng guro, at mga resulta ng pagsusulit sa buong estado sa pagtatapos ng taon upang makakuha ng kumpletong larawan ng pag-aaral ng iyong anak.

## Sino ang kumukuha ng pagsusulit na ito?

Lahat ng estudyanteng nasa baitang 3 hanggang 12 ay kwalipikadong kumuha ng CSA.



## Bakit kinukuha ng mga estudyante ang pagsusulit na ito?

Ang CSA ay isang karagdagang paraan para malaman ang tungkol sa kakayahan ng inyong anak sa pagbabasa, pamamaraan sa pagsusulat, at pakikinig sa Espanyol. Ang layunin ng CSA ay ang bigyan ng impormasyon ang mga estudyante sa kanilang mga kakayahan sa sining ng wikang Espanyol sa pamamaraan sa pagsusulat, pakikinig, at pagbabasa.

## Kailan kinukuha ng mga estudyante ang pagsusulit na ito?

Pinagpapasyahan ng bawat paaralan kung kailan nito isasagawa ang pagsusulit sa tagsibol. Makakatanggap ka ng karagdagang impormasyon mula sa iyong paaralan tungkol sa mga tiyak na petsa at oras ng pagsusulit.

## Paano kinukuha ng mga estudyante ang pagsusulit na ito?

Kinukuha sa isang computer ang hindi inoorasang pagsusulit na ito, na nagbibigay-daan sa inyong anak na maka-interact ang mga tanong sa iba't ibang paraan. Halimbawa, maaaring ipa-drag at ipa-drop sa inyong anak ang mga sagot, o papiliin ng larawan mula sa pangkat ng mga larawan.

## Anong mga kagamitan ang mayroon?

Magkakaroon ng access ang inyong anak sa mga kagamitang kailangan nila habang kinukuha ang pagsusulit, gaya ng feature ng pag-zoom in/out o highlighter. Makakatulong ang mga kagamitang ito na ma-access ng mga estudyante ang pagsusulit, at hindi ito makakaapekto sa kanilang mga score sa anumang paraan. Pwede kayong makipag-usap sa guro ng inyong anak tungkol sa iba pang mga kagamitang maaaring makatulong sa inyong anak.

## Paano ko matutulungan ang aking anak?

- Ipaalala sa inyong anak na gusto ninyo ng kaniyang guro na gawin niya ang buo niyang makakaya, at nariyan kayo para tulungan siya sa bawat hakbang.
- Bisitahin ang website ng Starting Smarter sa https://ca.startingsmarter.org para mas maunawaan ang Mga Student Score Report, makita ang mga halimbawang tanong, at ma-access ang mga mapagkukunan ng impormasyon upang masuportahan ang pagkatuto ng inyong anak.
- Kumuha ng isang pagsasanay na pagsusulit kasama ang inyong anak sa https://www.caaspp.org/practice-and-training/index.html.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga marka ng inyong anak, makipag-ugnayan sa guro ng inyong anak at/o sa tanggapan ng paaralan.

DEPARTMENT OF EDUCATION · STATE OF CALIFORNIA

Hulyo 2022